Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod Dipolog

DEPARTMENT OF EDUCATION
NORTE
RELEASED
DepED 21 JUL 2016
BY:
NAME/SIGNATURE

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 281 serye 2016

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro ng mga Mababa at Mataas Na Paaralan
Guro sa Filipino

Mula kay: **NATIVIDAD P. BAYUBAY, CESO VI**
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: **Pansangay Na Patimpalak Sa Malikhaing Pagsulat At *Informance***

Petsa: Hulyo 21, 2016

---

1. Alinsunod sa DepEd Memorandum Blg. 12, s. 2015 na " 2015 *National Festival Of Talents*" at bilang paghahanda para sa *Regional Festival Of Talents* , ang Sangay ng Zamboanga del Norte ay magsasagawa ng Pansangay Na Patimpalak Sa Malikhaing Pagsulat at *Informance* ngayong Setyembre 30, 2016 sa Katipunan Central School at sa takdang oras.
a) Malikhaing Pagsulat - 9:00 AM – 11:00 AM – Room 17
b) *Informance* - 12:00 NN – Covered Court

2. Ang patimpalak ay naglalayong:
a) Mabigyan ng pagkakataon ang mga estudyante na maipakita ang galing sa pag-arte;
b) Mapalawak ang kakayahan ng mga estudyante sa larangan ng pagsulat; at
c) Makapili ng kalahok para sa RFOT.

3. May isang kalahok lamang sa Malikhaing Pagsulat at bukas para sa mga estudyante ng Baitang 7 o Baitang 8. Ang pagsulat ay tatagal ng dalawang (2) oras. Ang tema at ang uri ng akdang susulatin ay ibibigay sa mismong araw ng patimpalak.

4. Ang **pamantayan sa paghatol ay:**
a) Orihinalidad (40%)
b) Organisasyon (35%)
- Kasasalaminan ng kulturang/pagpapahalagang Pilipino
- May panimula, gitna at pangwakas na bahagi
- May kakaibang estilo

c) Mekaniks (25%)
*Gumamit ng wastong bantas * Gumamit ng wastong salita

5. Sa pampaaralang gawain, nakasalalay sa mga guro sa Filipino ang pagpili ng tema samantalang sa pangkongresyunal na lebel, ang mga tagasanay ang magkaisa sa pagpili ng tema.

6. Ang *Informance* (Giving information through performance) ay gagamit ng piyesa ng epikong mula sa Saling-akdang Pampanitikang Asyano. Bukas ang paligsahan sa mga estudyante ng Baitang 9 o Baitang 10. Ang pangkat ng kalahok ay binubuo ng apat na kasapi/estudyante at isang tagapagsanay.

7. Ang mga panuntunan na dapat sundin dito:

- Ang piyesa ay mula sa Epiko ng Panitikang Asyano
- Ang piyesa ng Epikong itatanghal ay bahagi lamang ng Epikong **Mahabharata** ng India
- Ang pagtatanghal ay hindi bababa sa labinlimang (15) minuto at hindi lalampas sa dalawampung (20) minuto.

8. Ang **pamantayan sa paghatol** ay:

- **Iskrip – 30%**

a) Orihinalidad b) Kaangkupan sa tema c) Taglay ang mga element ng iskrip

- **Pagtatanghal – 70%**

a) Kasuotan at kagamitan (props)
b) Naglalahad ng kultura ng bansang pinanggalingan ng Epiko
c) Kilos o galaw ng mga tauhan
d) Tinig
e) Dating sa mga manonood

(Sanggunian- Enclosure No. 4 to DepEd Memorandum No. 12, s. 2015)

9. Magsimula ang pagpili ng mga kalahok sa isang pampaaralang paligsahan kung saan lahat ng mga estudyante ay mabigyan ng pagkakataon na makasali sa naturang gawain. Ang panalo ng unang puwesto ang lalahok sa pangkongresyunal na paligsahan.

10. Ang pangkungresyunal na paligsahan ay sabay na isasagawa ngayong Setyembre 2, 2016 sa mga nakatalang paaralan.

a) CD1- Polanco National High School – Arnulfo G. Subebe Punungguro
b) CD2- Manukan National High School – Daisy Romaguera – Punungguro
c) CD3- Liloy National High School – Celestina Lomoljo - Punungguro

11. Ang panalo ng unang puwesto sa pangkongresyunal na paligsahan ang lalahok sa Pansangay na patimpalak.

12. Inaaatasan ang mga punungguro ng *host school* ng pangkongresyunal na paligsahan na magsumite agad ng resulta ng patimpalak, isang kopya ng *registration form* at *attendance sheet* pagkatapos ng gawain. Mag-iwan ng *file* ang *host school* ng mga mahalagang dokumento nito.

13. Dahil sa walang ***registration fee*** ang naturang gawain, magdala ng sariling meryenda at pananghalian ang mga kalahok at tagasanay sa araw ng palihan.

14. Higit na ipinapaalala ang pagbibigay-diin sa patakarang "*Instituting Measures To Increase Engaged Time-On-Task And Ensuring Compliance therewith*" ng DepEd Order No.9, s. 2015.

15. Para sa pangkongresyunal na patimpalak, ang gastusin sa dalawang meryenda, panaghalian at honorarium ng mga hurado/komite at iba pang incidental expenses hinggil sa gawain ay kukunin mula sa school MOOE ng mga *host school* na susunod sa pinagkagawiang pagsusuma at pag-oodit.

16. Para sa Pansangay na patimpalak, ang gastusin sa dalawang meryenda, pananghalian ng mga hurado/komite, trophy, medal, picture frame para sa Sertipiko ng Pagkilala ng mga hurado, supplies at iba pang incidental expenses sa pagsasagawa ng gawain ay kukunin mula sa Division INSET Funds na susunod sa pinagkagawiang pagsusuma at pag-oodit.

17. Ang pamasahe ng mga kalahok mula at pabalik sa pinanggalingan ay kukunin mula sa pondo lokal ng paaralan na susunod sa pinagkagawiang pagsusuma at pag-oodit.

18. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.